SAVE YOUR LIFE INFO

NAKA WARD

Nakasulat dito ang mga patakaran na kinakailangan upang makapamuhay nang maginhawa sa Naka Ward ng lungsod ng Nagoya.

Ang pakikipag-usap sa mga kapitbahay na nakatagpo sa tapunan ng basura ay hindi lang nagbibigay ng saya sa araw-araw, kundi maaari ding makatulong sa oras ng sakuna.

Subukang magkaroon ng mabuting pakikipag-uusap sa araw-araw na pamumuhay.

Mga patakarang pantrapiko

Sa kaliwang banda ang daan ng mga kotse, motorsiklo at bisikleta.
Sa kanang banda ang daan ng mga naglalakad.
Hindi maaaring magmaneho nang lasing.
Sumailalim sa seguro ng kotse at bisikleta.



Alagang hayop

Kung may alagang aso,
iparehistro ito sa health center.
Tiyaking sumailalim ang aso sa pagbabakuna para sa rabies.
Para sa mga detalye,
magtanong sa Naka Health Center.
☎052-265-2257



Pag-iwas sa sakuna

http://www.city.nagoya.jp/kankobunkakoryu/cmsfiles/contents/0000083/83672/bousai-tirashi-fil.pdf

Stock ng pagkain para sa 3 araw

Ilagay sa bag atbp. ang mga bagay na dadalhin sa oras ng paglikas, at ihanda sa lugar kung saan makukuha ito agad.



Tungkol sa lindol

1 Magtago sa ilalim ng mesa.
2 Kapag tumigil ang yanig, patayin ang apoy.
3 Lumikas.

Tungkol sa pagtulong sa sarili

Kapag nagkaroon ng sakuna, protektahan ang inyong sarili.

Basura

Ilabas ang basura bago 7:00 ng umaga ng itinakdang araw.
May itinakdang supot para sa basura.



Bumati sa mga nakakatagpo sa umaga.

May itinakdang araw ng paglalabas ng basura ayon sa uri ng basura.(Nakatakda ayon sa lugar na tinitirahan. Para sa mga detalye, magtanong sa opisina ukol sa kapaligiran.) Makukumpirma rin sa application na “3R” ang araw ng paglalabas ng basura.

Nasusunog na basura [kanen gomi]

Ito ang tawag sa mga nabubulok na basura at nasusunog na basura.
Malaking basura [sodai gomi] ang basurang higit pa sa 30cm ang sukat ng isang gilid. Huwag itong itapon sa araw ng “nasusunog na basura.”



Ilagay ito sa itinakdang supot at ilabas.

Kumpirmahin ang araw ng pangongolekta ng basura.

Mon
Thu

Tue
Fri

PET bottle

Hindi nasusunog na basura [funen gomi]

Ito ang tawag sa hindi nasusunog na basura.
Malaking basura [sodai gomi] ang basurang higit pa sa 30cm ang sukat ng isang gilid. Huwag itong itapon sa araw ng “hindi nasusunog na basura.”

Ilagay ito sa itinakdang supot at ilabas.

Kumpirmahin ang araw ng pangongolekta ng basura.

Mon
Tue
Wed
Thu
Fri

PET bottle

Basura ito na maaaring i-recycle.

Ilagay ito sa itinakdang supot at ilabas.

Kumpirmahin ang araw ng pangongolekta ng basura.

Mon
Tue
Wed
Thu
Fri

Boteng walang laman [akibin]

Basura ito na maaaring i-recycle. Ilagay ito sa asul na basket na nakalagay sa itinakdang lugar.

Latang walang laman [akikan]

Basura ito na maaaring i-recycle.

Ilagay ito sa itinakdang supot at ilabas.

Kumpirmahin ang araw ng pangongolekta ng basura.

Mon
Tue
Wed
Thu
Fri

Application para sa pagbubukod ng basura “3R”

Mga mapanganib na bagay na maaaring maging sanhi ng pagsabog

gas can na ginagamit sa camping

lighter atbp. lithium battery

Ilagay ito sa itinakdang supot at ilabas.

Kumpirmahin ang araw ng pangongolekta ng basura.

Mon
Thu

Tue
Fri

Malaking basura [sodai gomi]

Malaking basura [sodai gomi] ang basurang higit pa sa 30cm ang sukat ng isang gilid.
May bayad ang pagtatapon ng malaking basura.
Isagawa muna ang aplikasyon bago magtapon nito.
☎052-950-2581
0120-758-530

bisikleta ¥500 kerosene stove ¥500

Party

Ang mga bahay sa Japan ay maliliit, at malapit ang distansya sa katabing bahay. Iwasan ang mag-party nang may malakas na ingay o boses.

Nagoya Regional Immigration Bureau

Address: Aichi-ken Nagoya-shi Minato-ku Shōhō-chō 5-18
1 minutong lakad mula sa Aonami Line “Nagoya-Keibajō-mae” Station
☎052-559-2150

http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/kikou/nagoya.html

CLAIR

Namimigay ito ng impormasyon tungkol sa pamumuhay sa iba’ t ibang wika.
Mayroon itong application (app).

http://www.clair.or.jp/tagengo/

AIA

Namimigay ito ng impormasyon para sa pagsuporta sa mga dayuhan sa loob ng Aichi Prefecture.

http://www2.aia.pref.aichi.jp/

Nagoya International Center

Nagsasagawa ito ng iba’ t ibang serbisyo para sa mga dayuhan.

http://www.nic-nagoya.or.jp/filipino/fi/

Pag-iwas sa sakuna

Naglalabas ito ng impormasyon para sa oras ng emergency.

http://www.nic-nagoya.or.jp/saigai/

Mga ospital

Ipinapakilala rito ang mga ospital kung saan may doktor na nakakaintindi ng wikang dayuhan.

Nagoya International Center
☎052-581-0100

Sa kaso ng krimen o aksidente sa kalsada

☎110

Sa kaso ng sunog o pagkakasakit

☎119

SAVE YOUR LIFE INFO タガログ語

Nagoya, UNESCO City of Design

http://www.city.nagoya.jp/naka/

NAGOYA NAKA WARD OFFICE
1-1, Sannomaru 3-chome, Naka-ku, Nagoya, 460-8508
☎052-241-3601

SAVE YOUR LIFE INFO

Kumpirmahin ang mga lugar na mapaglilikasan sa pamamagitan ng paglalakad sa bayan sa araw-araw na pamumuhay.

NAKA WARD

Paliwanag

Itinakdang lugar na mapaglilikasan sa oras ng emergency [shitei kinkyū hinan basho]
Mga itinakdang lugar na mapaglilikasan sa oras ng lindol at malaking sunog, tulad ng parke, malawak na damuhan, atbp. na may puwang na kailangan para maprotektahan ang mga lumikas mula sa malaking sunog.

Itinakdang lugar na mapaglilikasan sa oras ng emergency [shitei kinkyū hinan basho]
Lugar na pansamantalang mapaglilikasan mula sa panganib sa oras ng sakuna, para maprotektahan ang buhay.

Mga tourist spot

Naka Ward Headquarters (Naka Ward Office), Nagoya Disaster Relief Headquarters

Contact details para sa oras ng sakuna
tel.052-241-3601

tel.052-265-2207

Para sa mga katanungan tungkol sa mapang ito
tel.052-265-2221

[Nagoya Castle]

May golden dolphin sa ibabaw ng bubong ng castle tower na ito. Isa ito sa mga simbolo ng Nagoya.

[Nagoya Noh Theater]

Dito isinasagawa ang mga Noh play at Noh comedy (Kyōgen), tradisyonal na pampublikong libangan ng Japan.

[Aichi Prefectural Library]

May multicultural service corner din para sa mga dayuhan.

[Nagoya City Hall]

(main building)
Katangian nito ang bubong na parang kastilyo. Sa tuktok ay may dolphin sa apat na direksyon. Isa ito sa mga materyal na kultural na ari-arian (tangible cultural properties) ng Japan.

[Nagoya TV Tower at Hisaya-ōdori Park]

Nagbukas ng negosyo ang Nagoya TV Tower noong 1954. Isa ito sa mga simbolo ng Nagoya.

[Aichi Arts Center]

(Aichi Prefectural Museum of Art, Aichi Prefectural Arts Theater, and Aichi Prefectural Arts Promotion Service)
Ito ay pangkalahatang kultural na pasilidad na nasa sentro ng lungsod ng Nagoya.
May mga katangian ito na ginagawang posible ang pagtatanghal ng mga ganap na opera.

[Oasis 21] (Sakae Park)

Isa itong pinaghalong pasilidad na may parke, terminal ng bus, atbp., at malilibang sa pamimili, mga kaganapan at iba pang bagay dito. Dahil sa natatanging hugis nito, naging popular na lugar ito para kumuha ng litrato ang mga dayuhan nitong mga nakalipas na taon.

[Nagoya City Science Museum]

(sa loob ng Shirakawa Park)
Narito ang pinakamalaking planetarium sa buong mundo, may internal diameter na 35 metro, na kinikilala ng Guinness (sa kasalukuyan, Disyembre 2017).

[Nagoya City Art Museum]

(sa loob ng Shirakawa Park)
Nagsasagawa ng mga tanghalan o espesyal na tanghalan at karamihan dito ay mga gawa ng katutubong sining.

[Hisaya-ōdori Garden Flarie]

Isa itong hardin kung saan may 6 na theme garden, restawran, cafe at flower shop. Libre ang pagpasok dito.

[Ōsu Kannon]

Dahil sa utos ni Ieyasu Tokugawa, ang dating nasa Ōsu ng Mino ay inilipat sa kasalukuyang lugar.